Huwag na huwag uminom ang isa sa inyo na nakatayo,sinuman ang nakalimot ay isuka niya ito

Ayon kay Anas-maalugod si Allah sa kanya-Buhat sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Tunay na ipinagbawal niya ang pag-inom ng lalaki na nakatayo,Nagsabi si Qatadah,:Sinabi namin kay Anas: Ang pagkain? Nagsabi siya:Ito ang pinakamasama at pinakamarumi.At sa isang salaysay: Tunay na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagbabala sa taong umiinom na nakatayo. Ayon kay Abū Hurayrah-malugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfu- ((Huwag na huwag uminom ang isa sa inyo na nakatayo,sinuman ang nakalimot ay isuka niya ito))

[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imam Muslim sa dalawang salaysay niya]

" Nagsabi si Anas-malugod si Allah sa kanya: Ipinagbawal ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang pag-inom na nakatayo,Nagsabi si Qatadah bin Di`amah Al-Sudusi-kaawaan siya ni Allah:Sinabi namin kay Anas-malugod si Allah sa kanya-Kung gayun ano ang panuntunan ng pagkain na nakatayo? ito ba ay ipinagbabawal katulad ng pag-inom? Nagsabi si Anas:Ito ay higit na ipinagbabawal? ito ay higit na masama at higit na kasuklam-suklam, Ang pagbabawal ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa pag-inom na nakatayo" "Ipinagbawal ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na uminom ang sinuman na nakatayo,sinuman ang nakalimot at nakagawa nito,isuka niya ang nasa tiyan niya,bilang kainaman,at kung hindi ay hindi rin siya magkakasala;Dahil ang [panuntunan] sa pag-inom na nakatayo, ay kinamumuhian at hindi ipinagbabawal [haram]."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5450